

## PRAYER

- Hingin sa Diyos ang lakas ng loob upang patuloy na maipakita ang ebanghelyo sa mga tao sa paligid mo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mas matinding pagka-awa para sa kanila.
- Pasalamatang ang Diyos sa Banal na Espiritu na nagbibigay sa atin ng kakayahan na maipakita ang pagmamahal at kapangyarihan ng Diyos sa mga tao sa paligid natin. Hingin sa Kanya na gamitin ka ngayong linggo upang makapagministryo sa isang kaibigan o kapamilya na hindi pa tumatanggap kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kakayahan na tumugon ng tama sa tuwing tinatanggihan ng mga tao ang mensahe ni Cristo. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng tamang mga salita na maitatanim mo sa kanilang mga puso.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

# LIVE TO TELL

## Pagpapakita

WEEK 1

## WARM-UP

- Naranasan mo na bang mawalan ng bagay na sobrang mahalaga para sa iyo? Ano ang ginawa mo nang mawala ito?
- Ikuwento ang isang hindi makakalimutang karanasan kung saan may isang tao kang tinulungan? Ano ang nangyari?
- Ano ang kadalasang nagiging tugon mo kapag hindi tinatanggap ng mga tao ang sinasabi mo? Magbigay ng isang halimbawa na nagpapakita nito.

**WORD** *Pagkatapos nito, pumili pa ang Panginoon ng 72 tagasunod, at sinugo ang mga ito nang dala-dalawa sa mga bayan at sa iba pang mga lugar na pupuntahan niya.*

**LUCAS 10:1**

(Basahin din ang **LUCAS 10:1-12,16.**)

Sa pagmiministryo ni Jesus, nagpunta Siya sa mga bayan upang ipahayag ang paghahari ng Diyos at gumawa ng mga kamanghamanghang bagay. Subalit sa pagkakataong ito, si Jesus ay *pumili ng 72 tagasunod, at sinugo sila* upang maunang pumunta sa mga bayan na pupuntahan Niya. Sinabi Niya sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin pagdating sa mga bayang ito. Matapos gawin ang mga sinabi ni Jesus, *masayang bumalik ang 72 tagasunod* upang magbigay ng ulat tungkol sa mga nangyari. Naranasan nila kung paano kumilos ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan nila. Ngayon, titignan natin ang tatlong kadahilanan kung bakit maaari tayong magkaroon ng katiyakan na gagamitin tayo ng Diyos upang ipakita sa buong mundo ang katotohanan ng ebanghelyo.



© 2019 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Tayo ay isinugo ni Jesus upang puntahan ang mga naliligaw ng landas.

*<sup>1</sup>Pagkatapos nito, pumili pa ang Panginoon ng 72 tagasunod, at sinugo ang mga ito nang dala-dalawa sa mga bayan at sa iba pang mga lugar na pupuntahan niya. <sup>2</sup>Sinabi niya sa kanila, “Marami ang aanihin ngunit kakaunti ang tagapag-ani. Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani. LUCAS 10:1,2*

Sinabi ni Jesus na ang aanihin—ang mga tao na hindi pa nakakarinig ng katotohanan ng ebanghelyo—ay *marami*. Ang kailangan ay ang mga tagapag-ani na pupunta sa Kanyang taniman. Sa pagpapadala ni Jesus sa mga disipulo upang mauna sa Kanya, ipinakita Niya sa atin na nais Niyang makibahagi tayo sa Kanyang pag-aani. Paano ka nakikibahagi sa pag-aani ni Jesus? Sa palagay mo, saan ka Niya ipinapadala upang umani?

---

---

## 2 Tayo ay binigyan ni Jesus ng kapangyarihan upang tugunan ang pangangailangan ng mga tao.

*“Pagalingin ninyo ang mga may sakit doon, at sabihin ninyo sa kanila na malapit na ang paghahari ng Diyos sa kanila.” LUCAS 10:9*

Sinasabi sa Kasulatan na hindi lamang dumating ang kaharian ng Diyos sa atin, kundi dumating ito nang may kapangyarihan. Ang mga tagasunod ni Jesus ay inatasan na pagalingin ang mga may karamdaman, at pagkatapos ay ihayag ang paparating na paghahari ng Diyos. Ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos ay bahagi ng pangangaral ng Kanyang Salita. Sa pamamagitan ng Kanyang mga tagasunod, ipinakita ni Jesus ang Kanyang kapangyarihan sa paraang hindi inaasahan ng mga tao noong panahong iyon—sa pamamagitan ng kabaitan. Ayon sa Mga Gawa 1:8, bakit tayo nakakatanggap ng kapangyarihan?

---

---

## 3 Tayo ay binibigyan ng sigla ni Jesus na ipangaral ang ebanghelyo kahit ano pa ang matanggap nating tugon.

*Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa mga sinugo niya, “Ang nakikinig sa inyo’y nakikinig sa akin, ang nagtatakwil sa inyo’y nagtatakwil sa akin, at ang nagtatakwil sa akin ay nagtatakwil sa nagsugo sa akin.” LUCAS 10:16*

Nilinaw ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod na hindi lahat ay tatanggap sa kanilang mensahe. Subalit nilinaw din Niya na hindi dapat sumama ang kanilang kalooban dahil dito. Ang itatakwil ng mga tatanggi sa kanila ay hindi sila kundi ang kanilang mensahe. Ang tinatanggihan nila ay si Jesus, ang nagpadala sa mga tagasunod, at higit sa lahat, ang Diyos, ang nagpadala kay Jesus. Bilang mga tagasunod ni Jesus, dapat din nating ipangaral ang ebanghelyo kahit ano pa ang matanggap nating tugon. Ayon sa Marcos 16:15, saan tayo dapat pumunta upang ipangaral ang ebanghelyo?

---

---

## APPLICATION

- Paano ka tumutugon kapag tinatanggihan ng mga tao ang mensahe ng ebanghelyo? Ano ang dalawang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang patuloy na ipahayag ang ebanghelyo?
- Hinahayaan mo ba ang Diyos na ipakita ang Kanyang kapangyarihan sa tuwing ipinapahayag mo ang ebanghelyo? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang ipakita ang kapangyarihan ng Diyos habang ginagawa mo ang pagmiministryo sa mga tao?
- Mayroon ka bang kaibigan o kamag-anak na kailangang makarinig ng ebanghelyo? Hingin sa Diyos na bigyan ka ng pagkakataon na maipakita ang kapangyarihan ng ebanghelyo sa taong ito ngayong linggo.